

Quam laudant Angeli atque Archángeli, Chérubim quoque ac Séraphim: qui non cessant clamáre cotidie, una voce dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus Dominus Deus...**

ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 26:4

UNAM pétii a Dómino, hanc requíram: ut inhábitem in domo Dómini ómnibus diébus vitæ meæ.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

QUOS coelésti, Dómine, dono satiásti: præsta, quæsumus; ut a nostris mundémur occúltis et ab hóstium liberémur insídiis. Per Dóminum.

Hermanidad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

Ito ang ipinagbubunying walang humpay ng mga Anghel at Arkanghel, gayundin ng mga Kerubin at Serapin, nang walang humpay sa kalangitan: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

ISA lamang ang hiling ko sa Poon, at ito ang aking lunggati: ang manahan sa tahanan ng Panginoon sa buo kong buhay.

KAMING mga binusog Mo ng makalangit na kaloob, Panginoon, ay humihiling sa Iyo na linisin mo nawa kami sa mga lihim naming pagsuway at mahango naman mula sa tanang bitag ng aming mga kaaway. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

IKALIMANG LINGGO MAKARAAN ANG PENTECOSTES

Misa “Exaudi, Domine”

• II cl. • Semidoble • Luntian

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 26:7-9

EXAUDI, Dómine, vocem meam, qua clamávi ad te: adiútor meus esto, ne derelínquas me neque despícias me, Deus, salutáris meus. — *Ps 26:1* Dóminus illuminátio mea et salus mea, quem timébo? *V.* Gloria Patri. Exaudi.

PAKINGGAN Mo, Poon, itong tinig kong tumataghoy: tulungan mo ako't huwag pagbayaan. Huwag Mo akong sipahyuin, Diyos kong manliligtas. — *Salmo 26:1* Ang Panginoon ang aking liwanag at kaligtasan, bakit ako matatakot? *V.* Luwalhati sa Ama. — Pakinggan mo...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, qui diligéntibus te bona invisibília præparásti: infúnde córdibus nostris tui amóris afféctum; ut te in ómnibus et super ómnia diligéntes, promissiónes tuas, quæ omne desidérium súperant, consequámur. Per Dominum.

O DIOS, lingid sa aming mga mata ang mga inihahanda mong mga mabubuting bagay para sa mga nagmamahal sa iyo: puspusin mo ng init ng Iyong pag-ibig ang aming mga kalooban, upang sa pagmamahal namin sa Iyo nang higit sa anumang bagay ay makamtan namin ang iyong mga pangakong 'di malirip ng aming mga hangarin. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

SULAT • 1 Pd 3:8-15

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pedro.

PINAKAMAMAHAL: magkaisa kayo at magdamayan, magmahalan bilang magkakapatid at maging maunawain at mapagpakumbaba. Huwag ninyong gantihan ng masama ang masama. Huwag ninyong sumpain ang sumusumpa sa inyo. Sa halip, pagpalain ninyo sila dahil pinili kayo upang tumanggap ng pagpapala ng Diyos. Ayon sa nasusulat, “*Ang mga nagnanais ng payapa at saganang pamumuhay, dila nila’y pigilan sa pagsasabi ng kasamaan. Ang anumang panlilinlang at madayang pananalita sa kanyang mga labi ay di dapat*

mamutawi. Ang masama'y iwasan na, at ang gawin ay ang tama; at ang laging pagsikapan ay bubay na mapayapa. Ang mga mata ng Panginoon, sa matuwid nakatuon, ang kanilang panalangin ay kanyang pinakikinggan, ngunit ang masasama ay kanyang sinasalungat.” At sino naman ang gagawa sa inyo ng masama kung masigasig kayo sa paggawa ng mabuti? At sakali mang usigin kayo dahil sa pagsunod sa kalooban ng Diyos, pinagpala kayo! Huwag kayong matakot sa kanila at huwag kayong mabagabag. Igalang ninyo si Cristo mula sa inyong puso bilang Panginoon. Lagi kayong maging handang sumagot sa sinumang humihingi ng paliwanag sa inyo tungkol sa pag-asang nasa inyo. — **R. Salamat sa Diyos.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 83:10, 9: Ps 20:1

PROTECTOR noster, aspice, Deus, et respice super servos tuos.

V. Domine, Deus virtutum, exaudi preces servorum tuorum.

Allelúia, allelúia. V. Domine, in virtute tua lætabitur rex: et super salutare tuum exultabit vehementer. **Alleluia.**

MALASIN Mo, Poong Dios naming tagapagtanggol: tunghayon Mo ang iyong mga lingkod.

V. O Panginoong Dios na makapangyarihan, dalangi't pagsamo ng iyong mga lingkod ay 'yong dinggin.

Aleluya, aleluya! V. Poon, dahil sa taglay mong lakas, nagagalak ang hari: nagdiriwang siya sa Iyong pagliligtas! **Aleluya.**

EBANGHELYO • Mt 5:20-24

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

NOONG PANAHOONG IYON: Sinabi ni Hesus sa kaniyang mga alagad: “kung ang pagsunod ninyo sa kalooban ng Diyos ay tulad lamang ng pagsunod ng mga tagapagturo ng Kautusan at mga Pariseo, hinding-hindi kayo makakapasok sa kaharian ng langit. Narinig ninyo na sinabi sa inyong mga ninuno, ‘Huwag kang papatay; ang sinumang pumatay ay mananagot sa hukuman.’ Ngunit sinasabi ko naman sa inyo, ang sinumang napopoot sa kanyang kapatid ay mananagot sa hukuman, ang humahamak sa kanyang kapatid ay mananagot sa Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio, at sinumang magsabi sa kanyang kapatid, ‘Ulol ka!’ ay manganganib na maparusahan sa apoy ng impiyerno. Kaya’t kung mag-aalay ka ng handog sa dambana para sa Diyos at naalala mong may sama ng loob sa iyo ang iyong kapatid, iwan mo muna ang iyong handog sa harap ng dambana at makipagkasundo ka sa kanya. Pagkatapos, magbalik ka at maghandog sa Diyos.” —

R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.

▪ *May Credo o Sumasampalataya.*

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 15:7-8

BENEDICAM Dóminum, qui tribuit mihi intelléctum: providébam Deum in conspéctu meo semper: quóniam a dextris est mihi, ne commóvear.

PUPURIHIN ko ang Poon na nagbibigay ng payo sa akin: ang Dios ang inilalagay ko sa aking harapan: kaya’t kasama Niya sa aking kanang kamay, hindi ako maliligalig.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

PROPTIUS, Dómine, supplicatiónibus nostris: et has oblatiónes famulórum famularúmque tuárum benígnus assúme; ut, quod sínguli obtulérunt ad honórem nóminis tui, cunctis proficiat ad salútem. Per Dóminum.

MAAWAIN mong dinggin, Panginoon, ang aming mga pithaya, at paunlakan Mo ang mga hain na iniaalay ng iyong mga lingkod, upang ang mga handog ng bawa’t isang nagbigay para sambahin ang iyong nagalín ay pakinbangan ng tanan para sa kanilang kaligtasan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

PREPASYO NG BANAL NA SANTATLO

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et æterne Deus:

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan.

Qui cum unigénito Fílio tuo et Spíritu Sancto unus es Deus, unus es Dóminus: non in unius singularitáte persónæ, sed in uníus Trinitáte substántiæ. Quod enim de tua glória, revelánte te, crédimus, hoc de Fílio tuo, hoc de Spíritu Sancto sine differéntia discretiónis sentímus. Ut in confessióne veræ sempiternæque Deitátis, et in persónis proprietas, et in esséntia únitás, et in maiestáte adorétur æquálitás.

Kasama ng Anak mong Bugtong at Espiritu Santo, ikaw ay iisang Dios at at iisang Panginoon: isa sa pagka-Dios ngunit tatlo sa pagka-persona. Sapagka’t kung ano ang aming sinasampalatayanan sa iyong pahayag patungkol sa kaluwalhatian mo ay gayon din sa Anak at Espiritu Santo nang walang pagtatangi. Kaya sa pagsampalataya sa Dios na totoo at walang hanggan ay sinasamba namin ang pagkakaiba ng mga persona, ang kaisahan ng pagka-Dios at ang pagkakakapantay-pantay ng kamahalan.